

Ang Pagpapabakuna at Booster sa COVID-19 sa Bahay ay Nakakatulong na Isulong ang Access at Pagkakapantay-pantay sa Larangan ng Kalusugan

Tinatayang nasa 30 porsiyento ng residente ng estado ng Washington ang hindi maituturing na ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19. Ipinapakita ng datos na nakakapagprotekta laban sa virus ang pagpapabakuna. Pinapababa ng pagpapabakuna ang tsansang magkasakit nang malubha at mamatay kung makuha mo man ang virus, at nakakatulong itong bawasan ang pangangailangang magpaospital nang dahil sa virus. Mahalagang makatanggap ng inisyal na serye ng bakuna at booster na dosis upang mapanatili ang iyong immune response laban sa mga bagong strain ng COVID-19. Ipinapakita sa chart na nasa ibaba ang kasalukuyang rekomendasyon para sa booster:

Bakunang nakumpleto para sa pangunahing serye	Pinahihintulatang edad para sa booster na bakuna	Agwat sa pagitan ng huling pangunahing dosis (kasama na ang karagdagang dosis, kung naaangkop) at booster na dosis	Bilang ng dosis
Pfizer-BioNTech	≥ 12 taong gulang	≥ 5 buwan	1
Moderna	≥ 18 taong gulang	≥ 5 buwan	1
Janssen	≥ 18 taong gulang	≥ 2 buwan	1

Tulongang protektahan ang iyong sarili at ang mga taong hindi pa makapagpapabakuna. Maraming taong nasa bahay lang ang umaasa sa tulong ng iba para maibigay ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan, nang may ibang tao na regular na dumarating sa kanilang bahay. Nananatiling mataas ang kanilang posibilidad na malantad sa virus mula sa ibang taong maaaring hindi pa nababakunahan o hindi alam na nasama na pala sila sa hawahan sa komunidad.

Kung ikaw o ang isang taong kakilala mo ay nasa bahay lang at nangangailangan ng bakuna sa COVID-19 o booster, hilingin ito ngayon sa pamamagitan ng isa sa mga opsiyong nasa ibaba:

- Tumawag sa iyong lokal na hurisdiksyon sa kalusugan upang makakuha ng mga serbisyo ng pagpapabakuna sa bahay.
- Tumawag sa Hotline para sa Tulong sa COVID-19 ng Estado upang maipalam sa kanila na kailangan mo ng mga serbisyo ng pagpapabakuna sa bahay. I-dial ang 1-800-525-0127 o 1-888-856-5816, at pagkatapos ay pindutin ang #. **Mayroong makukuhang serbisyo ng pagsasalang-wika!**
- Sagutan ang online na form sa pagrehistro na naka-link sa ibaba upang maiugnay ka sa mga nakahandang mobile na pangkat para sa bakuna sa county at/o estado na makakapagbigay o makakapag-asikaso ng mga serbisyo ng pagpapabakuna sa bahay.

Link ng Survey para sa Paghiling ng Bakuna sa Bahay ng Department of Health (DOH, Kagawaran ng Kalusugan): https://redcap.link/WA_HomeBasedVax (Ingles)

Kung mayroon kang tanong tungkol sa serbisyon ito, mangyaring mag-email sa: covid.vaccine@doh.wa.gov.

Kasaysayan ng Programa

Nagsimulang magbigay ang Department of Health (DOH, Kagawaran ng Kalusugan) ng mga serbisyo ng pagpapabakuna sa bahay noong Marso ng 2021. Sakop ng [Survey para sa Paghiling ng Bakuna](#) sa Bahay ng DOH (Ingles) ang lahat ng 39 na county sa buong estado ng Washington. Patuloy na nakikipag-ugnayan at nagbibigay ng mga serbisyo ang mga tagapagbakuna sa lugar upang makapaghatid ng mga pangunahing bakuna at booster na dosis sa mga nangangailangan. Maaaring hilingin ang mga serbisyo ng pagpapabakuna sa bahay sa mga karagdagang wika sa pamamagitan ng pagtawag sa Hotline para sa Tulong sa COVID-19 (I-dial ang 1-800-525-0127 o 1-888-856-5816), at pagkatapos ay pindutin ang # para sa tulong sa wika.



Para sa karagdagang impormasyon

Bumisita sa: COVIDVaccineWA.org o DOH.WA.GOV/Coronavirus

Tumawag sa: 1-800-525-0127, pagkatapos ay pindutin ang #. Mayroong tulong sa wika.

Pagsulong sa Pagkakatantay-pantay Kaugnay ng Bakuna

Ang mga serbisyo ng Pagpapabakuna sa Bahay ay nagbibigay ng bakuna sa COVID-19 sa mga lugar ng estado kung saan maaaring walang bakunahan. Layunin ng mga serbisyo na maisulong ang pagkakatantay-pantay sa larangan ng kalusugan at access sa bakuna sa COVID-19 para sa mga taong:

- Hindi makaalis ng bahay, makapila, o makapaglakad sa loob ng anumang distansiya.
- Nakakaranas ng kapansanang pisikal o intelektuwal.
- Nakakaranas ng kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip na naglilimita sa access.

Nakakatulong ang mga bakuna sa bahay na isulong ang pagkakatantay-pantay sa larangan ng kalusugan sa mga lugar ng estado na tinatawag na "vaccine desert (disyerto ng bakuna)". Nagkakaroon ng "vaccine desert" kapag totoo ang isa sa mga sumusunod:

- Walang lokasyon ng pagbabakuna.
- Walang provider ng pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay ng bakuna.
- Kaunti lang ang mga provider na nagsisilbi sa heyograpikong lugar at sa kasalukuyang populasyon

Maaaring wala o mahirap i-access ang mga serbisyo ng pagpapabakuna para sa publiko sa mga lokasyong ito. Sa tulong ng serbisyo ng pagpapabakuna sa bahay, nawawala ang mga problema sa access na madalas na nararanasan kapag naninirahan sa mga heyograpiko at liblib na lugar ng estado na higit na mahirap puntahan.

Ang mga mobile na serbisyo ng bakuna ay nakakatulong na magbigay sa mga tao ng access sa bakunang nakakapagsagip ng buhay nang direkta sa kanilang bahay. Direktang nakatuon ang serbisyong ito sa mga lugar na kilalang may mataas na index ng kahinaang panlipunan, na nagpapahayag ng posibleng kawalan ng pagkakatantay-pantay sa larangan ng kalusugan. Maaaring humiling ang mga tao ng bakuna gamit ang survey saanman sila nakatira sa estado ng Washington.

Mayroon pa bang ibang serbisyo sa bahay bukod sa bakuna sa COVID-19?

Sa kasalukuyan, nakakapagbigay lang ng bakuna para sa COVID-19 ang mga mobile na pangkat ng nars. Sa ngayon, wala pang bakuna sa trangkaso at iba pang posibleng serbisyo gaya ng pagkuha ng dugo sa laboratoryo.

Mayroong serbisyo ng mobile na pangkat na tutulong sa pagsulong ng pagkakatantay-pantay sa kalusugan para sa mga populasyon na kilalang may pinakamataas na panganib ng pagkamatay at pagpapaospital dahil sa COVID-19. Mangyaring isaalang-alang na sagutan ang survey para sa isang taong nangangailangan ngayon ng access sa bakuna sa COVID-19.

Ano ang Maaari Kong Asahan Matapos Magsumite ng Kahilingan?

Kinokolekta ng DOH ang mga form ng kahilingan linggo-linggo at ipinapadala ang mga ito sa lokal na hurisdiksyon sa kalusugan ng residente, na siyang makikipag-ugnayan at kikilos. Ang mga kawani ng lokal na tanggapan sa kalusugan ay makikipag-ugnayan sa mobile na pangkat para sa pagpapabakuna. Kung hindi maasikaso ng mga lokal na kawani ng kalusugan ang pagpapabakuna sa bahay, makikipagtulungan sila sa DOH para sa suporta.

Mayroong remote na linya ng tulong sa wika na susuporta sa anumang pangangailangan sa pagsasalin. Kung hindi makakatulong ang isang lokal na tanggapan sa pampublikong kalusugan, maaaring humiling ng tulong mula sa DOH ang tanggapan. Ang mobile na pangkat para sa pagpapabakuna ay makikipag-ugnayan sa taong humiling upang mag-iskedyul ng libreng serbisyo ng bakuna sa COVID-19 sa bahay.

DOH 821-169 March 2022 Tagalog

Para hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga kostumer na bingi o may kahirapan sa pandinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.